

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Update sa tugon sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton: Mga resulta sa Espesyal na Pagpupulong ng Konseho

BRAMPTON, ON (Marso 25, 2020) – Sa Espesyal na Pagpupulong nito sa araw na ito, nilagdaan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang mga pasya tungkol sa mahalagang mga pagbabago sa mga serbisyo at programa bilang tugon sa COVID-19.

Kabilang sa mga highlight ng pagpupulong: pagdeklara ng Lungsod ng Brampton ng State of Emergency, libreng pamasaha sa Brampton Transit, pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit at bagong mga gawain sa pagpasok at pagsakay sa sasakyan, kakayahan ng mga residente na iantala ang pagbabayad ng mga buwis nang walang tubo o mga bayarin sa pagiging late sa loob ng limang buwan, at pagtalakay sa kahalagahan ng pagtataguyod ng social distancing sa buong lungsod.

State of Emergency

Noong Marso 24, kasunod ng pagkonsulta sa Konseho ng Lungsod at sa rekomendasyon ng Emergency Management Team ng Lungsod, idineklara ni Mayor Patrick Brown ang State of Emergency sa Lungsod ng Brampton ayon sa Emergency Management Plan ng Lungsod.

Ito ay isang mahalagang hakbang sa pagsuporta sa mga pagsisikap ng Probinsya ng Ontario at ng Rehiyon ng Peel para makatulong sa pagkontrol ng pagkalat ng COVID-19.

Ang pagdeklara ng emergency ay nagbibigay ng eksepsiyonal na mga paraan para harapin ang extraordinaryong mga sitwasyon at maaaring magbubukas ng daan ng dagdag na mga mapagkukunan, kabilang ang mga suplay at mga serbisyo. Ang deklarasyong ito ay nakakatulong sa patuloy na mga pagsisikap sa pagtugon sa emergency ng Lungsod sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng higit na flexibility at bilis habang ginagawa natin ang aksyon para makatulong sa pagpigil sa mga epekto ng COVID-19.

Mga Update sa Brampton Transit

Simula sa Sabado, Marso 21, hindi kailangan ang bayad sa pamasaha at pwede lamang pumasok ang mga customer sa pamamagitan ng mga pintuan sa likod ng mga bus hanggang sa karagdagang abiso. Ang mga customer na may mga pangangailangan sa pag-access na nangangailangan na gumamit ng ramp ay maaaring patuloy na gumamit sa mga pintuan sa harap.

Magkakaroon ng dinagdagang Pang-Sabadong Serbisyo sa [Lunes hanggang Biyernes](#). Makikita ang mga detalye [dito](#). Magpapatuloy ang serbisyo sa Sabado at Linggo sa kanilang regular na mga iskedyul. Sarado sa publiko ang administratibong mga tanggapan ng Brampton Transit sa 185 Clark Boulevard at 130 Sandalwood Parkway West.

Ipinatupad ang iba't ibang pangkaligtasang mga pamamaraan sa Marso 23 para makatulong na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa komunidad. Mas marami pa sa mga pamamaraang ito ang makikita [dito](#).

Pagpapaliban sa Buwis sa Propyedad

Tinanggal ng Lungsod ng Brampton ang tubo at bayarin sa pagiging late sa mga bayad sa buwis sa loob ng limang buwan na yugto sa Marso 18 hanggang Agosto 19, 2020 bilang tugon sa COVID-19. Nangangahulugan ito na pinapahintulutan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente ng kakayahan na piliing gawin ang pansamantalang pagbabayad ng outstanding na buwis bago lumipas ang Agosto 19, 2020 nang hindi magkakamit ng multa at tubo.

Patuloy na tatanggapin at ipoproseso ang mga bayad ng Lungsod. Maaaring gawin ang mga pagbabayad sa pinansyal na mga institusyon, sa pamamagitan ng online banking o ihulog sa drop box na makikita sa lobby ng City Hall katabi ng elevator ng parking garage. Para sa dagdag na impormasyon, basahin ang [Mga Madalas na Itinatanong sa Pagbabayad ng Buwis sa Lungsod](#).

Pagpapatupad ng Social Distancing

Kinikilala ang mahalagang papel na ginagampanan ng social distancing at pisikal na paghihiwalay sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19, hinihiling ng Konseho na maghanda ang staff ng regulasyon para suportahan ang pagpapatupad ng mga pamamaraan ng social distancing at pisikal na paghihiwalay sa panahon ng emergency ng COVID-19.

Kabilang, ngunit hindi limitado sa bagong regulasyon na sinasaliksik ang: pag-uutos ng 2 metrong distansya sa pagitan ng mga tao, maliban sa direktang mga miyembro ng pamilya na kasamang naninirahan ng indibidwal; at mga limitasyon at/o restriksyon sa paggamit ng mga pampublikong playground.

Manatiling Konektado

Committed ang Lungsod sa pananatiling may-alam ng mga residente ng Brampton at magpapatuloy sa pagbibigay ng mga update sa tugon ng Lungsod sa COVID-19 kapag magiging available ang mga ito. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.brampton.ca/COVID19 o sundan ang @CityBrampton sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram](#).

Dagdag na Impormasyon

- [City of Brampton COVID-19](#)
- [Peel Public Health – Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#)
- [Province of Ontario: Ministry of Health – Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#)
- [City of Brampton declares State of Emergency in response to COVID-19](#)
- [Brampton gives residents ability to defer taxes and waives all penalties for five months](#)
- [Brampton Transit to introduce free fares, rear boarding, half capacity buses, and more, effective March 21 and March 23](#)

Mga Quote

“Habang tinatawid natin ang darating na mga buwan, hindi palalampasin ng Lungsod ang pamamaraan sa mga pagsisikap nito na panatilihin ligtas ang ating komunidad at pigilan ang pagkalat ng COVID-19. Gusto kong magpasalamat muli sa Konseho, staff ng Lungsod, at sa ating komunidad para sa kanilang patuloy na suporta habang sama-sama nating hinaharap ito.”

Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

Ang Espesyal na Pagpupulong ng Konseho sa araw na ito ay nagbigay ng pagkakataon para maaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang mga pinakabagong desisyon kaugnay ng mga pagbabago sa serbisyo bilang tugon sa “COVID-19. Ang paglagda ng konseho sa mga desisyong ito ay magpapahintulot sa ating team na patuloy na maging mabilis sa ating pagtugon para makatulong sa pagbawas sa mga epekto ng COVID-19 sa Brampton.”

David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca